Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Wastong Gamit ng Pangngalan at Panghalip**

**I. PANUTO: Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang.**

1. Anong bahagi ng pananalita ang pinapalitan ng panghalip?
   a. Pandiwa   b. Pang-uri   c. Pang-abay   d. Pangngalan
2. Alin ang tumutukoy sa pangngalan?
   I. May uring pantangi at pambalana
   II. Inilalarawan nito ang isang paksa
   III. May kaukulang palagyo, palayon, at paari
   IV. Nagbibigay-ngalan sa tao, hayop, bagay, pangyayari, at kaisipan
      a. Ang I, II, at III ay tama at ang IV ay mali.
      b. Ang II, III, at IV ay tama at ang I ay mali.
      c. Ang III, IV, at I ay tama at ang II ay mali.
      d. Ang I, II, at IV ay tama at ang III ay mali.
3. Alin sa sumusunod na pangungusap ang may wastong gamit ng pangngalang nasa palagyong kaukulan?
   I. Rey, tayo nang mamasyal!
   II. Si Rey ay isang mangangaso.
   III. Ang Palawan ay magandang lugar.
   IV. Si Rey, ang aking kaibigan, ay namasyal.
      a. Ang I, II, III, at IV ay tama.
      b. Ang I, II, at III ay tama at ang IV ay mali.
      c. Ang II at III ay tama at ang I at IV ay mali.
      d. Ang III at IV ay tama at ang I at II ay mali.
4. Kung susulat ka ng kasunod na pangungusap gamit ang wastong panghalip, alin ang tama?
   **Maganda ang mga bulaklak kaya't marami ang namamasyal sa parke.**
   a. Makukulay ang mga ito, kinawiwilihang puntahan ng tao ang parke.
   b. Nagustuhan ang mga ito ng tao kaya't maraming namamasyal dito.
   c. Marami ang namamasyal sa parke dahil maganda ang mga bulaklak.
   d. Maganda ang mga bulaklak kaya't marami ang namamasyal dito.
5. Alin sa mga pangungusap ang nagpapakita ng pangngalan at panghalip na ginamit bilang layon ng pang-ukol?
   a. Tumanggap ang tao ng tulong. Nagpasalamat sila rito.
   b. Inilaan ni mayor sa mga tao ang tulong. Natuwa sila.
   c. Si mayor ay nagbigay ng tulong. Sila ay nagpasalamat.
   d. Nagbigay ng tulong ang mayor para sa mga tao. Nagbigay sila ng pasasalamat sa kaniya.

**II. PANUTO: Suriin ang mga pangungusap sa unang hanay. Tukuyin sa susunod na hanay ang pangngalan at panghalip na ginamit sa pangungusap. Maaaring walang sagot sa isa sa mga hanay. Sa huling kolum, tukuyin kung paano ito ginamit. Ang unang bilang ay sinagutan na bilang halimbawa.**

| Pangungusap | Pangngalan | Panghalip | Gamit |
|---|---|---|---|
| 1. Ang pilandok ay isa sa pinakamaliit na hayop. | pilandok, hayop | | Simuno, Kaganapang pansimuno |
| 2. Ito ay kabilang sa *species* ng *tragulidae.* | | | |
| 3. Ang pangangaso, isang ilegal na gawain, ay dapat sugpuin. | | | |
| 4. Mga kaklase, magbahaginan tayo para dito. | | | |
| 5. Tayo nang mamasyal. | | | |
| 6. Ang bundok, kilalang pasyalan, ay malapit sa kanila. | | | |